## Bantayan Mo Ang Iyong Mga Tarangkahan

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder

Enero 29, 2022

Sa ating mga tahanan, ang tarangkahan ang nagbibigay sa atin ng seguridad. Para panatag tayo, dapat ito ay matibay, hindi masisira kahit paulit-ulit na ginagamit. Sa ating buhay espiritwal, ang pintuan ng ating kaligtasan ay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo (Juan 10:7-9).

**1. Kailangan nating magbantay laban kay Satanas. Dumarating siya upang magnakaw at manira (Juan 10:10).**

1.1. Pumapasok ni Satanas sa ating buhay kung walang bantay ang ating pintuan. Isang paraan ay galit o poot (Efeso 4:26-27). Huwag nating hayaang makapasok ang demonyo dahil ang ibang espiritu ay papasok din sa ating puso at isip, halimbawa, hindi pagpapatawad at poot.

1.2. Nilulusob niya ang pintuan ng ating isipan (2Taga Cor. 4:1-6). Binubulag ni Satanas ang isipan ng mga walang pananampalataya at maging ang may pananampalataya upang hindi nila makita ang liwanag ng Ebanghelyo. Tayo ay ilaw, ang sumasalamin kay Kristo (2 TagaCor.3:18). Huwag hayaan si Satanas na lagyan tayo ng harang (pagrerebelde, kayabangan, pagkamakasarili) para lubos nating makita ang liwanag ng Ebanghelyo.

1.3 Dumarating si Satanas na nakadamit ng balat ng tupa (Mga Gawa 20:28-31) para maganyak tayong maglingkod sa kanya. Mag- ingat at magmatyag para sa Diyos lamang tayo maglingkod (1Pedro.1:13; 1 Pedro 4:7; 1Pedro.5:8).

**2. Bantayan natin ang ating tarangkahan/pintuan (Neh.1:3-5)**

2.1. Kailangan nating bantayan ang ating kaisipan (Taga-Rom. 12:1-2). Huwag tayong umayon sa pamantayan ng mundo. Punuin natin ang ating pag-iisip ng Banal na Salita upang malaman natin ang kalooban ng Diyos (Efeso 4:23).

2.2. Hingin natin sa Diyos na baguhin ang ating puso - makasunod sa kanyang mga utos (Eze.36:26).

2.3. Makinig tayo sa Salita ng Diyos (Taga- Roma 10:17)at maging taga-ganap sa Kanyang Salita (Santiago 1:22).

2.4. Magkaroon tayo ng pag- iisip tulad ni Kristo (1 Taga Cor.2:16) pagiging mahabagin, mapagpatawad, mabait at laging naghahanap at nagliligtas ng mga taong naliligaw ng landas.

2.5. Punuin natin ang ating isip ng mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig at kagalang-galang (Filipos 4:8).

2.6. Hilingin ang maka-Diyos na karunungan: dalisay, maibigin sa kapayapaan, mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari (Santiago 3:15-18).

2.7. Ingatan ang ating puso. Ito ang tumutukoy sa takbo ng ating buhay (Kawikaan 4:23-27).

**3. Apat na Pasukan tungo sa Kaluluwa.**

**3.1. MATANG pasukan.** Ituon natin ang ating paningin kay Hesus (Heb.12:2) Huwag ituon ang paningin sa mga bagay na pansamantala lamang.

**3.2. DILANG pasukan.** Ang buhay at kamatayan ay nasa kapangyarihan ng dila (Kawikaan 18:21; Mt.12:36).

**3.3. TAINGANG pasukan.** Huwag makinig sa mga mapanlinlang na salita, layuan ang masasama.

**3.4. PAANG pasukan.** Humakbang nang papalayo sa lahat ng kasamaan (Kawikaan 4:27) at labanan ang demonyo. Bago pumunta sa isang lugar, tanungin ang sarili "Madadala ko ba si Hesus?

**Patotoo:**

Kahirapan, kamalasan at kamatayan ay hindi maiiwasan. Sa pagkakataong ganito, bantayang mabuti ang ating tarangkahan at piliin ang Diyos na ating kanlungan at kalakasan para maiwasan ang kapanglawan at kalungkutan.

**Konklusyon**:

Ang mga bagay na pinahihintulutan nating makapasok sa ating pintuan ay direktang nakaka-apekto sa espiritwal na kalagayan ng ating puso. Dapat nating bantayan ang ating pintuan para makapasok ang tama at makalabas ang mali (Gal.5:16). Ang pag-iingat sa apat na pintuan ay napakahalaga.

**Pagninilay:** Ano ang pinakamahina mong pintuan? Paano mo ito binabantayan at pinagtitibay?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Kaligtasan#Salita ng Diyos#Pagbabago